

# Mga Maikling Tip

**1** Tiyaking kumpirmahin ang pagpaparehistro ng iyong propesyonal sa real estate sa pamamagitan ng paggamit ng feature sa paghahanap ng propesyonal sa real estate sa website ng RECO. Sa Ontario, upang magawang makipagkalalakalan sa real estate, dapat ay nakarehistro sa ilalim ng REBBA 2002 ang mga broker at salesperson.

**2** Tandaang basahin ang lahat bago mag-sign in at magtanong kung hindi malinaw ang impormasyon. Ang mga kasunduan ay mga may bisang kontrata kaya mahalagang nauunawaan mo ang mga tuntunin at kundisyon. Maaaring makatulong na magsama ng isang taong pinagkakatiwalaan mo sa panahon ng proseso ng negosasyon upang ipaliwanag ang mga hindi pamilyar na dokumento para sa iyo.

**3** Tanungin ang iyong pamilya o mga kaibigan tungkol sa kanilang mga karanasan sa real estate at kung magrerekomenda sila ng partikular na propesyonal sa real estate sa iyo.

## Naghahanap ng higit pang impormasyon?

Para sa higit pang impormasyon sa kung paano pinoprotektahan ng RECO ang interes ng publiko, pakibisita ang [www.reco.on.ca](http://www.reco.on.ca) pakitawagan ang **1-800-245-6910**.



3300 Bloor Street West  
Suite 1200, West Tower  
Toronto, Ontario, Canada M8X 2X2

**T** (416) 207-4800 | 1-800-245-6910  
**F** (416) 207-4820

[info@reco.on.ca](mailto:info@reco.on.ca)  
[www.reco.on.ca](http://www.reco.on.ca)

# RECO



Ang RECO ay bahagi ng Consumer Protection Ontario, isang programa para sa pagbibigay-kaalaman mula sa Ministry of Government and Consumer Services ng Ontario na nakatuon sa pagtulong sa mga consumer na gumawa ng matatalinong pagpapasya.



## Bumibili o nagbebenta ng bahay?



Real Estate  
Council of Ontario

## PAKIKIPAGTULUNGAN SA ISANG PROPEYONAL SA REAL ESTATE

**Ang pagbili o pagbebenta ng bahay ay ang pinakamalaking transaksyong pagdadaan ng karamihan sa atin.**



Kaya napakahalagang maging maalam at sulitin ang payo ng eksperto. Kung magpasya kang makipagtulungan sa isang nakarehistrong propesyonal sa real estate, matutulungan kang maunawaan ang proseso ng pagbili o pagbebenta kasama ang karagdagang pakinabang ng mahalagang proteksyon sa consumer mula sa Real Estate Council ng Ontario (RECO).

Ang lahat ng broker at salesperson sa Ontario ay nakarehistro sa, at kinokontrol ng, RECO. Ang trabaho ng RECO ay maprotektahan ka sa pamamagitan ng pagpapanatili ng patas, ligtas at maalam na marketplace ng real estate.



Kabilang dito ang pagpapatupad ng mga batas na dapat sundin ng lahat ng propesyonal sa real estate sa Ontario, sa ngalan ng pamahalaan ng probinsya. Kapag nakipagtulungan ka sa isang propesyonal sa real estate, awtomatiko kang pinoprotektahan ng tatlong haligi ng proteksyon ng RECO, kabilang ang:

### **Kaalaman**

Ang mga propesyonal sa real estate ay dapat makakumpleto ng mga kursong pang-edukasyon bago sila payagang makipagkalakalan sa real estate, at dapat silang makakumpleto ng mga mandatoryong kurso ng pagpapatuloy na pag-aaral tuwing dalawang taon upang panatilihin napapanahon ang kanilang kaalaman at mahusay ang kanilang mga kasanayan.

### **Mga propesyonal na pamantayan**

Ang lahat ng broker at salesperson sa Ontario ay kinakailangang magpanatili ng mga propesyonal na pamantayan na nagpapahalaga sa pagiging patas, katapatan at integridad. Dapat silang sumunod sa mga panuntunan at regulasyon na ginawa upang maprotektahan ang mga consumer.

### **Insurance**

Nagbibigay sa iyo ng kapanatagan ng isip ang insurance sa deposito dahil alam mo na ang deposito ng bumibili ay iingat ng isang tao o ahensya, at mai-insure ito laban sa mga pagkawala, pagkalugi, o maling paggamit ng brokerage hanggang sa matapos ang deal at maibayad ang pera sa mga naaangkop na tao. Dagdag pa rito, ang mga propesyonal sa real estate ay dapat magbigay ng insurance para sa mga pagkakamali at pagkakaltas upang mabayaran ang mga danyos at legal na gastusin dulot ng mga paghahabol na nauugnay sa kanilang paglahok sa isang transaksyon sa real estate.

## PAANO MAKAKATULONG ANG RECO

Nakita mo na ba ang naaangkop na propesyonal sa real estate? Tingnan ang function para sa paghahanap ng RECO ([www.reco.on.ca/realestate-pro-search](http://www.reco.on.ca/realestate-pro-search)) upang tiyaking nakarehistro siya sa Ontario. Makakakita ka rin ng impormasyon tungkol sa kanyang lokasyon ng brokerage, mga napapanahong detalye sa pakikipag-ugnayan at history ng pagpaparehistro, kabilang ang impormasyon kung siya ay nakasuhan, nakulong o napailalim sa pagdidisiplina sa loob ng nakalipas na limang taon. Itinatampok din ng site ng RECO ang maraming impormasyon upang makatulong sa iyong maunawaan ang proseso ng pagbili at pagbebenta ng bahay.